


# Novel Coronavirus (COVID-19)


## Mga bagay na dapat malaman

### Kahit sino ay pwedeng mahawahan ng Coronavirus.

#### Paano ito kumakalat?



Kapag umubo o bumahin ang taong may impeksyon




Malapitang pakikipag-ugnayan




Kapag humawak sa mga bagay o gamit na may virus at pagkatapos ay humawak sa bibig, ilong, at mga mata


#### Ano ang mga sintomas?



Lagnat




Ubo




Pagiksi ng paghinga o hirap sa paghinga

Ang mga sintomas ay maaaring lumitaw ng 2-14 na araw pagkatapos mahawahan ng virus.


#### Paano ko mapoprotektahan ang sarili ko at ang iba sa sakit na dulot ng Coronavirus?




Manatili sa loob ng bahay kung may sakit at lumabas lamang kung kinakailangang magpagamot



Iwasan ang mga lugar na maraming tao



Ugaliing maghugas lagi ng kamay



Parating linisin ang mga bagay o gamit na kalimitang hinahawakan



Iwasang humawak sa mga mata, ilong, at bibig



Lumayo at takpan ang bibig at ilong tuwing uubo o babahin

### Mga bagay na dapat gawin kung may karamdaman o sakit



#### Tawagan ang iyong doktor o klinika.

Kapag ikaw ay nakatira sa Chicago, tawagan ang Chicago Department of Public Health sa 312-746-4835, 8am-8pm o 311. Pumunta sa [Chicago.gov/coronavirus](https://www.chicago.gov/coronavirus) o [cdc.gov/coronavirus](https://www.cdc.gov/coronavirus).

Kung nakakaramdam ng matinding stress o pagkabalisa, tawagan ang 1-800-273-8255 24-oras na hotline o NAMI Chicago sa 833-626-4244. Ang suporta dito ay maaaring ibigay sa iba't ibang wika.



**Collaboratory for Health Justice**